



PATNUBAY SA MISA



3 Agosto 2014

Ika-18 Linggo sa Karaniwang Panahon


Taong A

LINGGO NG KURA PAROKO

PAGKAIN PARA SA MGA GUTOM NG MUNDO

Ngayon ay Linggo ng Kura Paroko – araw ng pagpaparangal sa lahat ng kura paroko, ngunit lalo na sa sarili nating kura paroko. Marapat lamang itong gaya ng paggunita natin sa Araw ng mga Ina at Araw ng mga Ama. Ang mga kura paroko natin ay kung paanong ang mga magulang ay sa kani-kanilang pamilya: pinangangalagaan nila ang kapakanang espirituwal ng mga taga-parokya nila, inililigtas sila sa mga panganiib, at pinagsisikapang ang kanilang pagpapakabanal para makarating sa langit pag sila’y namatay.

Ang Unang Pagbasa at ang Ebanghelyo ngayon ay nababagay para itampok ang ginagawa ng kura paroko sa mga taga-parokya niya. Tulad ng dakilang Karunungan at ni Hesus, inaanyayahan niya ang lahat ng nasa pangangalaga niya para dumulog sa piging ng Salita ng Diyos at Banal na Grasya, lalo na sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya. Bilang pasasalamat, ialay natin ang Eukaristiyang ito para sa ating sariling kura paroko at lahat ng may ganitong makaamang ministeryo sa buong daiigdig.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ngayon ako’y’yong iligtas nang di ako mapahamak. Dulutan mo ng paglingap nang buhay ko’y di mabihag, D’yos ko, sa aki’y mahabag.

Pagbati

P –Pagpalain ang Diyos na nag-uukol sa atin ng pagmamahal na di mahihigitan. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng misteryo ng pagmamahal ni Kristo sa Banal na Eukaristiya, alalahanin natin ang anumang di natin ikinapaging di karapat-dapat sa kanyang harapan at tumanggap sa kanya sa Banal na Komunyong. (Tumahimik sandali.)

P –Para sa pagmamatigas ng aming mga puso sa mga pag-

durusa’t pakiusap ng aming kapwang nangangailangan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa pagtanggap naming bahaginan sila ng panahon, talino, at yaman, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa kapabayaang namin sa wastong gamit ng aming likas na yaman at kabuhayan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan nawa tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaranggal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat.

Pangoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Pangoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na iyong laging kinahahabagan at pinagbibigyan upang ang itinampok ng iyong pamumuno at pagsubaybay ay muli mong ikalugod at panatilihin mong kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 55:1-3
Pinaaalalahanan ng Panginoon ang mga ipinatapon sa Babilonia na tanging siya ang makapapawi sa kanilang pagkauhaw at pagkagutom sa kapayapaan at pamamatnubay. Patungkol din sa atin ngayon ang gayon niyang paalaala't paanyaya.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Narito ang tubig, mga nauuhaw. Ang mga walang salapi ay kumuha rito at bumili ng pagkain. Halikayo at bumili ng alak at gatas, bumili kayo, ngunit walang bayad. Bakit ginugugol ang salapi sa mga bagay na hindi nakabubusog? Bakit inuubos ang pera sa mga bagay na walang halaga? Makinig kayo sa akin at sundin ang utos ko at matitikman ninyo ang pinakamasarap na pagkain.

Pumarito kayo. Kayo ay lumapit at ako’y pakinggan, makinig sa akin nang kayo’y mabuhay. Ako’y may gagawing walang hanggang tipan at ipalalaspang sa inyo ang pagpapalang ipinangako ko kay David.”

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 144
B—*Pinakakain mong tunay kaming lahat, O Maykapal!*

R. M. Velez



Pi-na-ka-ka-in mong tu-nay ka-



ming la-hat, O May-ka-pal!

* **Ang Panginoong D'yos ay** purpos ng pag-ibig at lipos ng habag. Banayad magalit, ang pag-ibig niya’y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino’y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi. **B.**

* **Tanging Panginoon ang** inasahan ng tanang nabubuhay, siyang nagdudulot ng pagkain nilang kinakailangan. Binibigyan sila nang

sapat na sapat, hindi nagkukulang; anupat ang lahat ay may tinatanggap na ikabubuhay. **B.**

* **Matuwid ang Diyos sa** lahat ng bagay niyang ginagawa; kahit anong gawin ay kalakip doon ang habag at awa. Siya’y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao, sa sinumang taong pagtawag sa kanya’y tapat at totoo. **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 8:35.37
-39

Matibay ang paniwala ni San Pablóng walang makahihigit sa pag-ibig sa atin ng Diyos. Sa kanyang liham sa mga Kristiyano ng Roma, ipinahahayag niya sa maring pananalita ang kanyang matatag na pananalig na sukat magpasigla sa ating pananampalataya.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid:

Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pagmamahal ni Kristo? Ang paghihirap ba, ang kapighatian, ang pag-uusig, ang gutom, ang kahubaran, ang panganib, o ang tabak?

Hindi! Ang lahat ng ito’y kayangkaya nating pagtagumpayan sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin. Sapagkat natitiyak kong ang kamatayan, ang buhay, ang mga anghel, ang mga pamunuan, ang mga bagay sa kasalukuyan, ang mga bagay na darating, ang mga kapangyarihan, ang kataasan, ang kalaliman, o ang alinmang nilalang ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos – pag-ibig na ipinadama niya sa atin sa pamamagitan ni Kristo Hesus na ating Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Mt 4:4b

B—**Aleluya! Aleluya!**
Ang tao ay nabubuhay sa Salita ng Maykapal na pagkain kanyang bigay.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 14:13-21
Makalawang ulit na pinakain ni Hesus ang maraming nagugutom buhat sa ilan lamang tinapay at isda. Dinggin natin ngayon ang una sa gayong mga himala. Ang ganitong mga himala ay di lamang mga tanda ng kanyang habag at pambihirang

kapangyarihan, kundi pagtupad din sa mga propesiya ng lalo pang dakilang himala ng Eukaristiya.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nang marinig ni Hesus ang pagkamatay ni Juan Bautista, siya’y sumakay sa isang bangka at nag-iisang pumunta sa isang ilang na lugar. Nang mabalitaan naman iyon ng mga tao, sila’y lumabas ng bayan at lakad na sumunod sa kanya. Paglunsad ni Hesus sa dalampasigan, nakita niya ang napakaraming taong yaon. Nahabag siya sa kanila at pinagaling niya ang mga maysakit na dala nila.

Nang dapit-hapon na’y lumapit sa kanya ang mga alagad. Sinabi nila, “Ilang ang pook na ito at malapit nang lumubog ang araw. Papuntahin na po ninyo sa nayon ang mga tao upang makabili ng kanilang makakain.” “Hindi na sila kailangang umalis pa,” sabi ni Hesus. “Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain.” Sumagot sila, “Lilima po ang tinapay at dadalawa ang isda natin.” “Dalhin ninyo rito,” sabi niya.

Pinaupo niya sa damuhan ang mga tao, kinuha ang limang tinapay at dalawang isda; tumingala siya sa langit at nagpasalamat sa Diyos. Pinaghati-hati niya ang mga tinapay at iniutos sa mga alagad na ipamigay iyon sa mga tao. Kumain silang lahat at nabusog. Tinipon ng mga alagad ang lumabis, at sila’y nakapuno ng labindalawang bakol ng hati-hating tinapay. May limanlibong lalaki ang kumain, bukod pa sa mga babae at mga bata.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa

kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Pinasisigla ng masuyong mala-sakit ng Panginoong Hesus, idulog natin ang ating mga kahilingan para sa kabutihan ng sangkatauhan, ngunit lalo na para sa higit na nangangailangan ng Kanyang tulong. Manalangin tayo:

B –**Panginoon, tugunan mo ang pangangailangan namin!**

* Para sa Simbahang Katolika at lahat ng iba pang pananam-palatayang Kristiyano: Nawa ang kahandaan nilang magdulot ng kanilang yamang materyal sa mga mahihirap na bansa ay maging inspirasyon sa mga bansang lalong nakaririwasa. Manalangin tayo!
B.

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, mga pari, at relihiyoso sa ating pamayanan: Nawa, tulad ng mga alagad ni Hesus, sila’y maging mga kasangkapan ng pagkabukas-palad at kalinga ng Diyos sa mga dukha. Manalangin tayo!
B.

* Para sa ating mga pinuno’t kapisanang pambayan: Nawa tugunan nila’t tulongan ang mga dukha sa kanilang mga pangangailangan. Manalangin tayo!
B.

* Para sa lahat ng kura paroko sa buong daigdig: Nawa sila’y maging mga tanda at kasangkapan ng masuyong pangangalaga ng Diyos sa Kanyang bayan, tulad ng ginawa ni San Juan Vianney, sa pag-akay sa kanilang mga alaga tungo sa kabanalan at kapayapaan. Manalangin tayo!
B.

* Para sa ating kura paroko at iba pang pari sa ating parokya:

Nawa gantimpalaan sila ng Panginoon sa kanilang pagkabukas-palad sa pagtugon sa ating mga pangangailangang espirituwal, sa paghahati ng banal na tinapay ng salita ng Diyos, ng Eukaristiya, at ibang pang sakramento. Manalangin tayo!
B.

* Para sa ating pamayanan: Nawa magpasalamat tayo at makipagtulungan sa paglilingkod ng ating kura paroko at kanyang mga katulong at tayo nawa’y maging kasiya-siya sa kanila. Manalangin tayo!
B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)
Manalangin tayo!
B.

P –Diyos Ama, salamat sa lahat ng pagpapalang ipinagkaloob Mo sa amin. Patuloy Mo po kaming pagkalooban ng Tinapay ng Buhay, na Anak Mong si Hesukristo, na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo magpakailanman!
B – Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, para mo nang awa, gawin mong banal ang mga alay naming iyo sanang kalugdan at kami’y gawin mong haing sa iyo’y laging nakalaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –**Amen!**

Prepasyo VII

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtakilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay

naging di na iba sa amin bagama’t di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –**Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –**Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B –**Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin! (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan!

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –**Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tinapay ng mga anghel ang binigay mong pagkain upang sarap ay lasapin ng lahat ng makatikim, Poong Diyos na butihin.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay iyong tuwangan sa ginagawa namin sa araw-araw upang kaming hindi mo pinagkakaitan ng pagsubabay ay gawin mong maging marapat sa lubos na kaligtasan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo mag-

pasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*) Tanglawan nawa kayo ng Panginoon at patnubayan kayo sa lahat ninyong gawain.

B–Amen!

P–Nawa kayo’y maging maha-bagin sa inyong kapwa at

gantimpalaan nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

B–Amen!

P–Nawa ang pagkagutom ng inyong mga puso’y gantimpalaan Niya ng Kanyang masaganang pagpapatawad at biyaya.

B–Amen!

P–Pagpalain nawa kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan at bahaginan ninyo ang inyong kapwa ng mga biyaya ng Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

PAANYAYANG MAMAHAGI . . .

Naniniwala tayong mga Kristiyano sa isang Diyos ng pag-ibig (*sangguniin 1 Jn 4:8*), Diyos na nangangalaga sa mga pangangailangan nating materiyal at espirituwal. Ikinalulugod Niyang makisalamuha’t makiisa sa atin at nag-iingat sa ating kapakanan.

Siya’y hindi isang “tagalabas” na sumisilip lamang para mag-usisa. Ang pakikisangkot niya sa ating buhay at sa ating kasaysayan ay tapat at napakapersonal kung kaya siya’y nagkatawang-taong tulad natin – **ang Diyos at taong si Hesus ng Nazaret.**

Bilang tao, si Hesus ay laging nagpapatunay ng kanyang tapat na habag at masiglang pakikiisa sa lahat ng nagdurusa. Kaya nga, sa ating Ebanghelyo ngayon, gayon na lang ang awa niya sa mga taong naglakad nang malayo, dala-dala ang kanilang mga maysakit at lubos na umaasa sa kanya. Agad siyang tumugon sa kanilang pangangailangan: pinagaling niya ang kanilang mga karamdaman. (*Sangguniin ang simula ng Ebanghelyo ngayon.*) Napakasimpleng pangungusap: madaling sulatin; madaling basahin. Ngunit gayon na lang ang naging bisa nito sa buhay ng kanyang mga pinagaling at ng kani-kanilang kamag-anak.

Dihanggang doon lamang ang kanyang habag. Nang magdidilim na, kinaailangan din ang pagkain para sa dami ng taong naglakbay nang malayo para makinig sa pa-

ngangaral ni Hesus. Wala pa mang kalapit na mabibilhan ng pagkain at napakarami pa ng mga tao! Sa dami ng gayong mga problema, kaydali sanang balingan ang natural na pagpapaalis na lamang sa mga tao para magkani-kanyang hanap ng makakain. Ngunit hindi gayon ang solusyon ni Hesus sa problema, kahit na ang tanging taglay nila ay lillimang tinapay at dadalawang isda.

Para sa mga disipulo, di sapat ang kanilang angking pagkain. Ngunit para kay Hesus, labis-labis na iyon para sa kanilang lahat. Binasbasan niya ito, pinaghati-hati, saka ipinamudmod sa lahat. Di lamang nakakain ang lahat; marami pa ang natira.

Di lamang ito pagpapakita ng nakatutuwa’t pambihirang kapangyarihan at pagkabukas-palad. Bagkus, ito’y isang aral at hamon sa ating lahat – hamong tularan natin ang gayon. Nabubuhay tayo sa mundo ng maraming sumasala sa pagkain at maraming namatay sa gutom. Gayunman, higit na marami pa ang may iba’t ibang uri ng gutom: gutom sa paggalang, pagpapahalaga, katarungan, kalinga, pangaral, pagmamahal . . .

Ang tugon ni Hesus sa gayon karaming pangangailangan ay ang paalaalang “harapin at gawan ito ng paraan,” “alamin at lunasan,” at higit sa lahat – “BAHAGINAN NG TAGLAY MO,” “MAGBIGAY NG LAHAT NG MAIBIBIGAY MO.” At mga himala’y magaganap; tayo ang mangungunang magdiriwang na kasama nila.

Under the auspices of
CBCP-ECLA,
Don Bosco Center of Studies
presents

SAINTS AND HEROES. NO LESS.

*A Theological Symposium
for the Year of the Laity*

21 August 2014 (8 a.m.-6 p.m.)
PhilSports Arena (Formerly ULTRA),
Pasig City

Free Admission. Register now!

For details and registration, contact:
Tonette Pangan 0917-5076073
tpangan@gmail.com



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan